MEMBER:
PAPER.Ph Est 2019
Prime Alliance of Publishers, Editors and Reporters of the Philippines (PAPER.Ph) Inc.

The Southern Tagalog
# HERALD
CAVITE
email: herald_group@yahoo.com
www.facebook.com/stagalog.herald

OCTOBER 31-NOVEMBER 6, 2021 P 15.00 VOL. XXVII NO. 14

WHEN YOU FEEL LIKE QUITTING THINK ABOUT WHY YOU STARTED

# Cavite Prov'l Gov't. declares failed bidding for $10-B Sangley Point international airport

The Provincial Government of Cavite ( PCG) declared a failed bidding for the $10-billion Sangley Point International Airport (SPIA) after no proponent turned up despite the 30-day extension of the deadline for bid submission.

>> P2



## 30 MSMEs sa Cavite City, nakatanggap ng livelihood kits mula sa DTI

CAVITE CITY — Nasa 30 micro, small, and medium scale entrepreneurs mula sa anim na barangay ang natulungan ng Department of Trade and Industry (DTI) na muling buksan ang kanilang mga negosyo sa paglulunsad ng Livelihood Seeding Program – Negosyo Serbisyo sa Barangay noong Oktubre 12 hanggang 14. Sumailalim ang bawat local entrepreneur at miyem-

>> P2

## Mga sementeryo sa Bacoor, sarado hanggang Nobyembre 3

BACOOR CITY, Cavite (PIA) — Pansamantalang isasara ng pamahalaang lungsod ng Bacoor ang mga pribado at pampublikong sementeryo, memorial park, at columbarium na sakop ng kanilang hurisdiksyon mula Oktubre 29 hanggang Nobyembre 3.

Bukod sa pagbisita sa mga yumao, ipinagbabawal rin ng Executive Order no. 41 S. 2021 na nilagdaan ni Mayor Lani Mercado ang iba pang aktibidad tulad ng 'Trick or Treat'.

Ayon sa alkalde, nais nilang maiwasan ang pagkalad ng Covid-19 sa kanilang lungsod na maaaring makuha sa mga mass gathering na

>> P3




PHOTO FROM CITY GOVERNMENT OF BACOOR

## *Silang residents decry cutting of 68 trees*


SILANG, Cavite – Some residents are decrying the cutting of 68 trees along Silang-Aguinaldo Highway for a road widening project.

On Oct. 18, a resident started an online signature campaign against the initiative.

"There are approximately 60+ trees to be cut down due to impending road widening along Silang – Aguinaldo Highway. This is to give way to cars and

>> P3

## DENR gives final warning, demolition set for 'sapras' in Cavite City



TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) — The Department of Environment and Natural Resources (DENR) and the Philippine Coast Guard (PCG) jointly issued a Notice of Demolition to the owners of illegal fishing structures at the vicinity waters off Cavite City before demolition operations commence this November. According to DENR, the dismantling of illegal fishing structures will

>> P3

## McDonald's gives P1 million to Dasmariñas City-run college

DASMARIÑAS CITY, Cavite (PIA) — The international fast food chain McDonald's donated P1 million to the Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas (KLD) in aid to the public university's first semester expenses.

Cavite Fourth District Representative Pidi Barzaga together with Dasmariñas City Mayor Jenny Austria-Barzaga and Sangguniang Panglungsod Member Kiko Barzaga received the donation from the McDonald's branches in Barangays Antlers, Salawag and Salitran this October 25

KLD has a total of 1,477 enrolled students this school year for the first three courses offered: Bachelor of Science (BS) in Psychology, BS in Midwifery, and BS in Information Systems.

The city government shoulders the tuition and miscellaneous fees of the students enrolled in the public university in its mission to help the city's youth to continue their studies and pursue their dreams of a better future.

In line with its mission, KLD accepts students of all ages who wish to gain a college degree – in fact has a 58-year old student enrolee, as well as graduates of the old High School curriculum,

>> P3



*Cavite Fourth Distrist Representative Elpidio 'Pidi' Barzaga, SPM Kiko Barzaga, and Dasmariñas City Mayor Jenny Barzaga receive the check worth P 1 million from McDonald's as donation to the Kolehiyo ng Lungsod ng Dasmariñas.*

# TRO sa paggamit ng plastic sa RP, hiningi sa SC



**Kakampi mo ang BATAS**
ni **Atty. Batas Mauricio**

INSPIRASYON SA BUHAY: "… Inilagay ng Panginoong Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan…" (Genesis 2:15, Ang Tanging Daan Bibliya).

PAGKAIN AT PAG-INOM NG PLASTIC, DUMARATING NA SA PILIPINAS, AYON SA MGA GRUPONG PANGKALIKASAN: Nangangamba ang maraming mamamayan, kasama ang kanilang mga samahan, na dumarating na sa Pilipinas ang panahong makakakain at makakainom ang mga Pilipino ng plastic na magiging bahagi ng kanilang mga pagkain at inumin.

Sa isang petisyong iniharap ng iba't ibang tao at mga grupo sa Korte Suprema, niliwanag ng mga lumagda na sa kasalukuyan, napatunayan na ng mga dalubhasa na kalat na sa ating mga karagatan at buong kapaligiran ng bansa ang mga tinatawag na "microplastics".

Ayon sa isa sa mga nagsampa ng kaso sa kataas-taasang hukuman, ang Oceana Philippines International, "fears of ingesting plastics are very real, because we now have microplastics not only polluting the ocean but falling from the sky in raindrops…"

Sa wikang Pilipino, ang ibig sabihin ng pahayag ng Oceana Philippines International ay ganito: Ang pangamba na makakakain o makakainom na ang mga Pilipino ng plastic ay makakatohanang banta, dahil sa ngayon, ang mga microplastics ay hindi na lamang sumisira sa mga karagatan kundi bumababa na sa atin sa pamamagitan ng ulan…"

KORTE SUPREMA, HININGING MAGLABAS NG AGARANG UTOS UPANG ITIGIL ANG PAGGAMIT NG ANUMANG URI NG PLASTIC SA BANSA: Ang microplastics, ayon sa ilang mga Google sites, ay mga plastic na napakalilit at hindi makita ng mga mata ng tao. Kadalasan, ang mga ito ay itinatapon lamang sa kung saan-saan, at humahalo sa mga katubigan na nagtutungo sa mga karagatan.

Sa karagatan, nakakain ito ng mga isda, na nakakain naman ng mga tao. Pag nakain ito ng tao, hindi ito na maaaring alisin pa sa mga laman-loob ng mga nakakain sa kanila, dahilan upang sila ay pagmulan ng mga malulubhang sakit gaya ng kanser.

Sa kasalukuyan, mayroong ahensiya ng pamahalaan na inaatasan ng batas dalawampung taon na ang nakakaraan upang kumilos at labanan ang paglaganap ng microplastics o ng iba pang uri ng mga plastic sa Pilipinas. Ito ay ang National Solid Waste Management Commission (NSWMC).

Ang batas na naglalang sa NSWMC, ang Republic Act 9003 o kilala bilang Ecological Solid Waste Management Act of 2000, ay nag-atas sa NSWMC na maglabas ng kaniyang listahan ng mga tinatawag na non-environmentally acceptable products and packaging o NEAPP, katulad na nga ng microplastics, isang taon mula noong 2000.

MGA PLASTIC NA HUMAHALO SA PAGKAIN AT INUMIN, SANHI NG KANSER AT MALULUBHANG SAKIT NG MGA PILIPINO: Ang problema, ayon sa mga nagsampa ng kaso sa Korte Suprema, hanggang ngayon ay hindi man lamang kumikilos ang NSWMC o ang Department of the Environment and Natural Resources upang tumupad sa utos ng batas.

Kaya naman ang mga nagsampang ito ng kaso ay humihiling sa Korte Suprema na agad maglabas ng temporary restraining order upang pigilan ang sinuman, tao man o kompanya, na gumawa, magbenta, o di kaya ay pagpapakalat ng mga NEAPP o mga produktong gawa sa mga plastic na hindi natutunaw.

Hiningi ng mga petitioners sa Supreme Court na utusan nito ang buong gobyernong kumilos upang tugunin ang lumalalang polusyon ng plastic sa Pilipinas.

Sa ngayon kasi, itinuturing na ang Pilipinas na pangunahing bansa sa paggagawa ng mga produktong plastic.

# 189,000 residente sa GenTri, nagparehistro sa vaccination program

GENERAL TRIAS CITY, Cavite (PIA) — Umabot na sa 189,472 residente ang nakapagparehistro na sa Covid-19 vaccination program sa lungsod ng General Trias.

Batay sa tala ng pamahalaang lungsod, mula sa naturang bilang ay mayroong pang 67,508 residente ang nasa waiting list o naghihintay na lamang ng kanilang schedule ng pagbabakuna.

Mayroon namang 269,622 doses ng bakuna ang naipamahagi na sa mga residenteng kabilang sa priority group ng pamahalaan.

Mula sa mga bakunang gawa ng Sinovac, Sinopharm, AstraZeneca, Pfizer, Janssen, at Moderna na inilaan ng pamahalaang pambansa sa kanilang bayan, 222,874 dose ng bakuna ang naipamahagi na ng pamahalaan.

Mula sa naturang bilang 121,946 ang naipamahagi para sa unang dose ng bakuna habang 100,928 naman ang fully vaccinated na.

Bagamat dumarami na ang bilang ng mga residenteng nagpaparehistro sa vaccination program ng pamahalaang lungsod, patuloy na hinihikayat ang publiko na magpatala sa naturang programa. — Ruel Francisco, PIA Cavite (may ulat mula sa City Government of General Trias)




# 30 MSMEs sa Cavite City << P1

bro ng Barangay Development Council mula sa mga barangay ng Brgy. 10-A Kingfisher, Brgy. 10-B Kingfisher, Brgy. 48-A Narra, Brgy. 49-M Akasya, Brgy. 61-M Talong, at Brgy. 62-A Kangkong sa Entrepreneurship Seminar tungkol sa mga serbisyong ibinigigay ng DTI para sa mga mamumuhunan. Ayon sa DTI, bibigyan rin ng Livelihood Starter kit ang bawat local entrepreneur bago matapos ang buwan upang matulungan sila na muling buksan ang kanilang mga business venture na higit na naapektuhan ng pandemya. — PB, PIA4A (may ulat mula sa DTI Cavite)

# Cavite Prov'l Gov't. declares << P1

Although four companies purchased the P1 million bid documents for SPIA – Metro Pacific Investments Corp., China Communications Construction Co. Ltd. (CCCC), Philippine Airport Ground Support Solutions Inc. and Mosveldtt Law Office, no one submitted bids for the project on the deadline, October 20, 2021. Cavite's PPP (Public-Private Partnership) selection committee will reconvene in November to decide on the future of the SPIA. The PGC issued its second invitation for new bidders for the SPIA mid-February this year, after ditching previous bid awardee, Lucio Tan's MacroAsia Corp. and China Communications Construction Co. (CCCC) before the end of January. The PGC joint venture partner will co-develop the 1,500-hectare master-planned SPIA, providing equity investment, debt financing, and credit enhancements. In addition, the chosen joint venture partner takes responsibility for the engineering, procurement and construction services of SPIA's land and airport development. The SIA was being touted as an alternative to the congested Ninoy Aquino International Airport (NAIA), with quadruple the latter's capacity at 130 million passengers per annum.

The Southern Tagalog HERALD CAVITE
email: herald_group@yahoo.com
www.facebook.com/stagalog.herald

Inilalathala tuwing araw ng Linggo at may sirkulasyon sa Lalawigan ng Cavite.
Editorial office: Block 1, Lot 1, Phase 1A, Citihomes Subdivision, Molino 4, Bacoor City, Cavite
CP# 09266990769 / 09178983982
Email: herald_group@yahoo.com

EDITORIAL BOARD

NENA ESTRELLADO-MALLARI
*Publisher*

ANDREW S. AMORES
*Editor*

ATTY. BATAS MAURICIO
*Columnist*

ATTY. ZENAIDA GALVEZ
*Editorial Consultant*

JENNILYN JIMENEZ YUPIO
*Circulation-in-charge*

FATIMA SHANE R. BANAAG
*Secretary*

JEFREY T. JURADO
*Layout Artist*

Marketing Representative:
RURAL PRESS COMMUNICATORS REP. INC.
3055 Tolentino St., cor. Balabac St., Pinagkaisahan, Makati City
Telephone Numbers: (02) 882 39 78 / (02) 882 32 05
Fax No. (02) 882 32 23

SUBSCRIPTION RATES:
Six Months P750.00
One Year P1,500.00
ADVERTISING RATES:
Commercial P200.00 / col.cm.
Extra-Judicial P160.00 / col.cm.

MEMBER:
Prime Alliance of Publishers, Editors and Reporters of the Philippines (PAPER.Ph) Inc.

The views and opinions expressed in this newspaper are those of the authors/writers/contributors and do not necessarily reflect the official policy or position of the owner and the management.

# Malampaya sale to Udenna 'most incredible crony' deal in history, says graft complainant

A complainant in the graft case against Energy Secretary Alfonso Cusi, billionaire Dennis Uy and others over the sale of Chevron's stake in the Malampaya project to Uy's Udenna Corp said Filipinos should be outraged with the repercussions of the deal for the country's natural resources and future.

Lawyer Rodel Rodis said the sale finalized in March should be voided as it was in violation of Philippine law.

"This is unparalleled. This is the most incredible crony agreement in the entire history…Not just in the history of the Philippines. I would say in the history of the world there is nothing that comes close to this." Rodis said Monday at a webinar organized by the National Youth Movement for the West Philippines.

"This should shock our consciences, shock our nation. How can we allow this to happen? Why is the Philippine government allowing this theft of our resources, theft of our future to take place? That's why we felt the urgent need to file this suit right away and bring this to the Philippine nation."

Rodis, a dual Filipino citizen in the United States, filed the complaint at the Ombudsman with fellow Fil-Am Loida Nicolas Lewis and Balgamel de Belen Domingo.

He said the Malampaya contract will cost P138-billion, 17 times larger than the Pharmally deal for face shields which is being investigated in Congress.

The deal gave the Davao-based Udenna ownership of 45% of the Malampaya project, which it followed up by buying Shell's 45% stake, resulting in a 90% interest in the project.

Malampaya supplies 40 percent of the energy needs of Luzon and is expected to provide energy for up to 7 more years.

Rodis asserted Uy benefited from his closeness to President Rodrigo Duterte in getting the deal.

"The question really is: If he was not a close friend and crony of President Duterte, would he have received the benefits of this incredibly one-sided contract he entered into with the support of the Philippine government? If he was Juan Dela Cruz there would have be no question, but it's precisely because of his closeness to President Duterte that he received his benefit," he said.

He said public officials involved in the deal should resign and face charges.

Cusi has defended the deal as legal and described the raps filed against him as harassment.

Udenna has also said its acquisition of the Malampaya stake was legitimate.

Rodis, however, questioned the sale of the stake to a Udenna subsidiary which had not been registered formally or invested money for it during the time of the contract in April



2019. He said they found the company UC Malampaya had no papers with the Securities and Exchange Commission (SEC) when it entered the sale.

The complaint also laid out their concerns about the experience and competence of the people taking over the Malampaya project, since it would affect the safety of natural resources where the facilities and pipelines are laid.

Rodis added the Ombudsman, led by Duterte appointee Samuel Martires, should realize repercussions will follow any attempt to sweep away the case from the public spotlight.

# Na kay VP Leni ang momentum para sa 2022

Mula ng sumiklab ang tinatawag na Pink Revolution sa social media noong October 7, matapos maghain ng kandidatura sa pagkapangulo si VP Leni Robredo, wala pa rin tigil at patid ang mga nagpapahayag ng suporta sa kandidatura nito. Ang social media (Facebook, Instagram, Twitter, Tiktok at iba pa) ay binabaha pa rin hanggang ngayon ng kulay pink at mensahe ng suporta para sa VP.

Noon lang umaga ng Sabado (Oct. 16), ang buong Bicol region ay nagkulay pink nang magsagawa ang mga Bicolano ng kanilang sariling Pink Revolution. Ipinahayag nila ang kanilang pagsuporta sa kandidatura ng VP sa pamamagitan ng pagsagawa ng matagumpay na sabay-sabay na Pink Caravan sa Albay, Catanduanes, Camarines Norte, Masbate, Sorsogon at Camarines Sur.

Ang eksena sa Bicol ay nakaka-tindig balahibo. Mahabang pila ng mga iba't ibang sasakyan na may streamer at palamuti na kulay pink, mga tao, pami-pamilya, sa tabi ng kalsada na naka-suot ng damit na kulay pink at nagwawagaygay ng anumang uri na may kulay pink, mga umuulan na pink confetti. At sino ang hindi maaantig sa larawan na ibinahagi sa social media ng netizen (Busy President Leni Robredo Supporter) kung saan makikita ang mag-amang nagbibisikleta na lumahok sa Naga City caravan na may mensahe na "isang anak na nakikiisa para sa kaniyang kinabukasan at ama na nakaalalay sa kanyang pagtahak dito". Ang larawan at ang mensahe na nakasulat dito ay tamang nasabi at direktang naipabatid ang kahulugan ng naganap na caravan. Ang nangyaring Pink Revolution sa Bicol region ay nagpapaalala sa atin ng isang kaganapan na nangyari noong 1978 – ang noise barrage – sa panahon ng martial law, sa ilalim ng diktaturyang Marcos.

Ganito rin ang nangyari sa Cebu City noong hapon ng Sabado. Nagkulay pink ang kalsada ng siyudad matapos magsagawa dito ng Pink Caravan para kay VP Leni. Nagkaroon din ng mga Pink Caravan sa Iloilo City, Bacolod City, Laguna, at iba pang lugar. Kung matutuloy, maaari rin magkaroon ng isang nationwide Pink Caravan sa Oct 23.

Spirit of volunteerism ang naganap sa Bicol region, at sa iba pang lugar na nagsagawa ng Pink Caravan. Ang mga tao dito ay nagkusa at nagkaisa na gawin ito para ipakita ang kanilang suporta sa kandidatura ng VP. Walang politikong nag-udyok at namuno sa mga nakisali sa caravan na gawin nila ito. Walang humakot ng tao upang dumami ang lalahok dito. Wala rin nangakong magbabayad sa mga sasama sa caravan.

Pinag-usapan din ang pagdalo ng VP bilang Guest of Honor at Speaker sa Rotary Club kung saan marami ang namangha sa lalim ng kaalaman nito sa maraming bagay, husay sa pagsalita, totoo at makabayang pagsagot



sa mga maselang katanungan, at lalo na sa tama at pinong pagkilos nito sa isang okasyon. Kagalang-galang at presidentiable na presidentiable, sabi nga ng iba. Mga katangian ng tunay na leader ng isang bansa. Mga katangiang kabaliktaran naman ng ilang presidential candidates ngayon.

## DENR gives final warning << P1

be carried out on November 4 to 6, 2021 to be led by the Manila Bay Inter-Agency Task Force for a clearing operation in the said waters particularly in the 'saprahan'.

"We encourage the owners of such structures to carry out "self-clearing" or voluntary removal of their respective structures before November 4 or the scheduled "clearing operations," DENR Undersecretary Benny Antiporda said over a telephone interview. "Sayang kase yung kawayan, ilaw and generator sets, mapapakinabangan pa nila yan. Kapag kame na nagtanggal o nagbaklas nyan mga trash traps, wala na sila papakinabangan dyan, kasi we use that as evidences," added Usec Antiporda.

(It would be a waste because the bamboos, lights and generator sets, they can still use that. When we remove or dismantle those trash traps, they won't be able to use that anymore, because we used that as evidence.)

The DENR official reminded that for 'baklads' and 'tahungans', locals still need to secure permits from their respective LGUs in Bacoor, Noveleta, Kawit, and Cavite City to ensure that their operations are legal. The demolition activity is in accordance with the order of the Supreme Court under the writ of continuing mandamus mandating government agencies to clean up, conduct rehabilitation, preserve and restore and maintain water quality in Manila Bay. — Ruel Francisco, PIA Cavite (with reports from Dennis Abrina)

## Silang residents decry cutting << P1

the influx of more cars once CALAX (Cavite–Laguna Expressway) is opened," the Change.org petition said.

"With the urgent calls for action to combat climate change, why is our Government not heeding the call? And why do they always focus on giving priority to the minority of Filipinos who own a car?"As of Oct. 21, a total of 558 people have signed the petition.

In a Facebook post on Oct. 19, Mayor Corie Poblete expressed that she is also saddened that the trees had to be cut down. According to her, the Department of Public Works and Highways (DPWH) and the Department of Environment and Natural Resources (DENR) coordinated with the Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) regarding the matter. Upon reviewing the policies and checking the situation on the ground, it has been decided that the tree-cutting needs to push through to avoid road damage from roots and accidents from branches.

## McDonald's << P1

transferees from other college, and a night class which caters to working students. Additional courses are also set for next year with BS courses in Civil Engineering, and Nursing to expand the free education offered to the people of the city.

"We are grateful to our concerned stakeholder businesses and groups such as McDonald's for the financial assistance to help more students who want to continue their studies and graduate from college," said Congressman Pidi Barzaga.

— Ruel Francisco, PIA Cavite (with reports from Congressman Pidi Barzaga FB page)

## Mga sementeryo << P1

posibleng idulot ng nalalapit na holiday.

Batay sa datos ng City Health Office noong Oktubre 18, umabot na sa 21,428 ang bilang ng mga kumpirmadong kaso ng Covid-19 sa buong lungsod.

Mla sa naturang bilang, 693 ang aktibo o kasalukuyang nagpapagaling mula sa mga sintomas ng nasabing sakit. — Ruel Francisco, PIA Cavite

The Southern Tagalog
# HERALD
CAVITE
email: herald_group@yahoo.com
www.facebook.com/stagalog.herald
OCTOBER 31-NOVEMBER 6, 2021 P 15.00 VOL. XXVII NO. 14

NEM Printing Press
WE SPECIALIZE IN:
NEWS PAPER • NEWS LETTER
MAGAZINE • SCHOOL & OFFICE FORMS
YEAR BOOK • SOUVENIR PROGRAM
BROCHURES • FLYERS • PAMPHLETS
CAMPAIGN MATERIALS AND OTHER
PRINTING NEEDS
FREE DELIVERY WITHIN SAN PABLO CITY AREA OR NEARBY PLACES!!!

# Healthy Pilipinas Mobile Clinic umarangkada sa Gen. Emilio Aguinaldo

GEN. EMILO AGUINALDO, Cavite (PIA) — Iba't ibang serbisyong medikal ang inihatid ng Healthy Pilipinas Mobile Clinic ng tanggapan ni Senador Risa Hontiveros para sa mahigit 800 residente sa bayan ng General Emilio Aguinaldo (Bailen) noong Oktubre 14 hanggang 15.

Ayon kay Mayor Nelia Bencito Angeles, sa tulong ng Healthy Pilipinas Mobile Clinic ay nailapit ang iba't ibang medical tests sa kaniyang mga kababayan tulad ng blood chem, ECG, ultrasound, at X-Ray.

Sa isang pahayag sa kanyang social media page, pinasalamatan ng alkalde ang tanggapan ng senador na tumulong upang maging matagumpay ang pag-arangkada ng Healthy Pilipinas Mobile Clinic sa kanilang bayan. — PB, PIA4A







## MGA BAGONG TREN PARA SA CAVITE LRT EXTENSION PROJECT, DUMATING NA

Dumating na sa bansa ang mga bagong tren para sa isinasagawang Light Rail Transit (LRT) line 1 Cavite Extension Project nitong Lunes, Oktubre 25.

WWW.GOPHILIPPINES.COM

Dumating na sa bansa ang mga bagong tren para sa isinasagawang Light Rail Transit (LRT) line 1 Cavite Extension Project nitong Lunes, Oktubre 25.

Ang mga naturang bagon ay kasalukuyang nasa depot ng LRT-1 sa Pasay City. Kasama ang mga ito sa 30 brand new fourth generation train sets mula sa mga bansang Spain at Mexico. Batay sa mga naunang ulat, ang mga bagong tren ay gumagamit ng mga modernong makinarya na mayroong digitalize signaling system para sa mas ligtas na pagbyahe.

# Mahigit 1,900 residente sa Naic, nabakunahan sa loob ng isang araw

NAIC, Cavite (PIA) — Umabot sa 1,961 residente ang nabakunahan ng lokal na pamahalaan sa pagpapatuloy ng Covid-19 mass vaccination program nito ngayong araw, Oktubre 20.

Ayon sa Municipal Health Office, inilaan nila ang mga bakunang gawa ng Moderna para sa first dose vaccination habang ibinigay naman ang mga Astrazeneca Covid-19 vaccine para mga mayroon nang unang dose ng nasabing uri ng bakuna.




Sa kasalukuyan, magkakasabay na binabakunahan ng lokal na pamahalaan ang mga residenteng healthcare worker, senior citizen, persons with comorbidities, essential workers, maging ang mga indigent resident na nakapagpatala sa vaccine registry ng kanilang bayan.

Bagama't mas maraming residente ang nababakunahan sa tulong ng Mass Vaccination program ng pamahalaang bayan, patuloy na hinihimok ni Mayor Junio Dualan ang kanyang mga kababayan na magpabakuna.

Ayon sa alkalde, makakatulong ang nasabing bakuna upang maiwasan ang malalang sintomas ng sakit nang sa gayon ay tuluyan nang makamit ang herd immunity na target ng pamahalaan. — PB, PIA4A (may ulat mula sa Naic LGU)

# Pagpapatupad ng Group Enrollment ng PhilHealth, Isinusulong ng LHIO Dasmariñas

Hindi naging hadlang ang pandemya upang maging aktibo ang Local Health Insurance Office (LHIO)Dasmariñas upang maihatid ang serbisyo sa mga miyembro. Kaugnay nito, patuloy ang pakikipag-ugnayan ng tanggapan sa mga stakeholders para sa pagpapatupad ng Universal Health Care.

Isa sa mga prayoridad ng LHIO Dasmariñas, sa pangunguna ni LHIO Head Ma. Obelia Fontanilla, ang pakikipag-ugnayan sa mga Local Chief Executives sa mga bayan na nasasakupan ng kanilang tanggapan. Hinihikayat ng pamunuan ng LHIO Dasmariñas ang mga lokal na pamahalaan na i-enroll sa Group Enrollment Program ang mga Job Order Contractors at iba pang mamamayan na walang kakayahang magbayad ng sariling kontribusyon sa PhilHealth.

Sa kasalukuyan, tatlong Pamahalaang Lungsod ang nabigyan na ng Certificate of Partnership bilang pagkilala sa commitment na ibinigay nila sa Group Enrollment Program ng PhilHealth.

Ito ay ang LGU Dasmarinas na may 2,151 na ang nai-enroll sa programa, LGU Imus at ang LGU Bacoor na may inaasahang mahigit 2,600 na pamilya ang mai-rehistro sa programa.

Patuloy pa din ang pakikipag-uganayan ng LHIO Dasmariñas sa iba pang bayan na kanilang nasasakupan upang mapaigting ang kampanya sa pagpapatupad ng UHC.

